# Ang katotohanan sa likod ng SONA ni Marcos Jr.

**Ma. Roja Banua, Tagapagsalita, NDF-Bikol**

**1.** Sa umpisa pa lamang ng kanyang pananalita, naghuhugas-kamay na si Marcos Jr. Isinisi niya ang mataas na implasyon at pagtaas ng presyo ng bilihin sa pandaigdigang merkado at mga salik na wala sa kontrol ng pamahalaan. Ang totoo, may mga hakbang sana siyang maaaring ipinatupad upang mapigilan ang pagtaas ng presyo tulad ng:

a. price control at interbensyon sa merkado
b. pagpapalakas ng subsidyo ng gubyerno sa produksyon para mapababa ang gastos sa produksyon at kung gayon ay bababa ang halaga ng mga produktong agrikultura
c. pagsuspinde sa buwis sa gasolina at iba pang mga bilihin
d. pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa para lumakas din ang kakayahang bumili (purchasing power)

**2.** Nagbabanggit siya ng mga paglago sa makroekonomikong pagtanaw. Ngunit ang mga pigurang ito ay hindi ramdam ng mamamayan (mikroekonomya). Sa perspektibang makroekonomiko, maaaring tingnang positibo ang pagpasok ng dayuhang pamumuhunan at utang dahil dagdag ito sa halagang maaaring gastusin ng bansa. Ngunit sa perspektibang mikroekonomiko, mabubutbot ang tanong kung kaninong bulsa ba didiretso ang pondong ito? Ito ang hindi binabanggit ng SONA ni Marcos. Ang mabilis na pag-unlad ng ekonomya ay hindi nagsisilbi sa sambayanang Pilipino at sa katunayan ay nagpapalaki lamang ng agwat sa pagitan ng pinakamayayaman at ng pinakamahihirap na Pilipino.

**3.** Ang ipinantapat niya sa implasyon ay paggastos sa imprastruktura at fiscal management partikular ang pagbabago sistema sa pagbubuwis. Ang ipinagmamalaki niyang pagtaas sa koleksyon ng buwis ay mula sa bulsa ng taumbayan.

Samantala, nawalan ang gubyerno ng P250 bilyon dahil sa tax exemptions sa mga korporasyon. Ang isasauling VAT ng mga turista mula noong 2020 ay dagdag din sa mawawalang koleksyon ng gubyerno. Hindi rin niya binanggit ang P250 bilyon utang na buwis ng kanyang pamilya na hanggang ngayon ay hindi pa nababayaran.

**4.** Hindi totoong napababa ng Kadiwa stores ang presyo ng bilihin. Ang ginawa lamang nito ay pinagposturang kumprador din ang mismong gubyerno: nambabarat sa mga prodyuser at nagpapatong ng mataas sa presyo pagdating sa merkado.

Wala na rin siyang binanggit tungkol sa pangako niyang P20 na bigas.



**5.** Sa paglago ng agrikultura, ang hindi binanggit ni Marcos ay na napakababa ng 2.2% tantos ng paglago sa panahon niya kumpara sa mga nakalipas na taon. Noong 2021, 3.3% ito at noong 2020 ay 3.8%. Taun-taon, tuluy-tuloy na bumabagal ang paglago sa naturang sektor.

**6.** Ang pagrebisa ng Fisheries Code ay sang-ayon sa rekomendasyon ng Private Sector Advisory Council nina Aboitiz. Nais nilang magtakda ng dagdag na mga erya para sa kumersyal na pangisdaan. Hindi rin binanggit na tuluy-tuloy ang reklamasyon sa mga komunidad ng pamalakaya.

Wala ring pagbanggit sa kinahinatnan ng lampas P7 bilyong danyos ng oil spill sa Oriental Mindoro at ang epekto nito sa lampas 24,000 mangingisdang ilang buwan nang hindi nakakapalaot at kung ano ang hakbangin ng gubyerno rito. Ayon sa mga residente, hindi pa nga nagbibigay ng ayuda at bayad-danyos ang San Miguel Corporation (pag-aari ni Ramon Ang) hanggang nitong Abril 2023.

Ang panawagan ng pamalakaya ay ang pagbabasura sa Fisheries Code, hindi ang pag-amyenda nito.

**7.** Sa pamamahagi ng mga binhi at pagpapatanim nito sa iba't ibang bahagi ng bansa:

Una, maliit ang bilang ng naipamahaging binhi. Halimbawa, ang 100,000 binhi lamang ng niyog para sa 10,000 ektarya ay papatak lamang ng 10 niyog kada isang ektarya.

Ikalawa, ang milyun-milyong binhing ipinamahagi ay pulos hybrid at kung gayon ay nakasalig sa kumersyal na sistema sa pagsasaka. Hindi na maaaring ibinhi kaya bibiling muli. Sinisira ang biodiversity at resistensya ng mga pananim. Nakaasa sa mga kumersyal na pestisidyo at pataba. Hindi rin niya binanggit na ang naging kapalit ng pagpapasa niya ng makadayuhang Agrarian Emancipation Act ay dagdag-pautang ng World Bank.

Samantala, tama siya sa pagsasabing kaunting ginhawa lamang ang dulot ng mga discount voucher. Sa halip na pagpapasa ng batas sa tunay na reporma sa lupa, ito lamang ang tulong na naibigay niya upang mapahupa ang taas ng gastos sa produksyon.

**8.** Nangangahulugan ng korapsyon ang dagdag na mga farm-to-market roads. Kalakhan dito ay napunta sa rehiyong balwarte ng kanyang pamilya.

Isa pa, palagiang proyekto na ng mga rehimen ang mga FMR samantala walang sapat na subsidyo at tulong para mismo sa produksyon ng magsasaka at mangingisda. Walang ibabyahe sa mga kalsadang ito kung mahina ang produksyon.

Nananatili ring walang National Road Plan kaya bagamat sala-salabat na ang mga kalsada ay walang iisa at sistematikong plano para sa trapiko at epektibidad nito.

**9.** Ang sinasabi niyang buffer stock para sa El Nino ay inangkat ng bansa at hindi mula sa lokal na produksyon.

Gayundin, bagamat hinikayat niya ang masa na magtipid ng tubig, wala naman siyang binanggit tungkol sa pagpapahinto sa operasyon ng mga negosyong magastos sa tubig tulad ng pagmimina, ekoturismo at mga dambuhalang dam.

**10.** Ang nasa likod ng sinasabi niyang paggawad ng titulo sa lupa sa mga magsasaka ay ang malawakang kumbersyon at pangangamkam sa lupa. Mas malawak ang lupang agrikultural na nakukonsentra sa kamay ng iilang panginoong maylupa at dayuhang negosyo.

Hinggil naman sa kondonasyon ng utang, babalik lang muli sa siklo ng utang ang mga magsasaka hanggat nananatili ang pyudal na kalakaran sa pagsasaka.

**11.** Ang pagtatayo ng Water Resources Management Office ay sang-ayon din sa rekomendasyon ng PSAC. Kapag tuluyan itong naitayo, tuluyan nang mapapasakamay na rin ng pribadong sektor ang pangangasiwa sa tubig ng bansa. Sa ngayon pa lamang, may mga joint venture agreements (JVA) na sa pagitan ng mga pribadong konsesyon sa tubig at gubyerno.

**12.** Ang mga nakalinyadang proyekto sa Build Better More Program ay kahalintulad na ng mga proyekto sa ilalim ng Build, build, build ni Duterte. Noon pa man ay nailantad na na ang mga proyektong ito, laluna ang mga inter-island bridges, ay hindi kayang maipatupad dahil nangangailangan ito ng abanteng teknolohiyang wala ang bansa.

Gayundin, ang mga banderang proyektong ito sa imprastruktura ay nangangahulugan na naman ng demolisyon at malawakang dislokasyon ng mamamayan.

Baluktot ang pagprayoridad ni Marcos Jr. sa imprastruktura. Tinuturing niya na para bang ito ang susi para sa pag-unlad samantala ang totoo, hanggat mahina ang lokal na agrikultura at walang pambansang industriya wala namang produktong maibabyahe sa mga kalsadang ito.

Dito raw ilalagak ang Maharlika Investment Fund. Tiyak na pagpapasasaan ito ng malalaking negosyante sa larangan ng konstruksyon tulad ng mga Villar, Consunji, Pangilinan at iba pa. 'Walang pulitika' umano ang magiging palakad ng naturang fund. Ngunit ang tanong ay paano ito matutupad kung sa distribusyon pa lamang ng proyektong pang-imprastruktura sa bansang popondohan ng MIF ay tagibang na at pumapabor sa kanyang mga kaalyado.

**13.** Hindi naman kulang sa kuryente ang bansa. Sa katunayan, ayon sa ulat ng Computer Professionals Union (CPU) ay sapat ang produksyon sa enerhiya ng bansa. Ang mas malaking suliranin ay ang kontrol ng pribadong konsesyon dito. Kahit pa maabot ang 100% electrification na binabanggit, nariyan pa rin ang suliranin sa kuryente sa porma ng mataas na presyo at pangit na serbisyo.

**14.** Kinikilala ni Marcos Jr. ang halaga ng renewable energy ngunit sa halip na magbigay-pansin kung paano ito linangin ng gubyerno, agad niya itong ibinukas sa dayuhang pamumuhunan. Ang bagong bukas na larangang ito ay agad nang mapaghahati-hatian ng mga kapitalista at sa maagang bahagi pa lamang ay tiyak nang mababansot ang potensyal.

Dagdag pa, hindi pa siya nasapatan sa pribatisasyon ng Malampaya, tahasan din niyang iniaalay sa pribadong sektor ang Mindanao para sa eksplorasyon sa enerhiya.

**15.** Totoong malaking bahagi ng pondo ng pamahalaan ang ilinaan sa edukasyon. Ngunit ang hindi niya binanggit ay ang P500 bilyong confidential at intelligence fund nito na malaking tipak sa buong badyet ng kagawaran. Ang malaking bahagi ng pondo sa edukasyon ay gagamitin para sa pasismo hindi para sa pagpapaunlad ng naturang sektor.

**16.** Pinasadahan lamang ni Marcos ang pagtalakay sa pensyon ng sandatahang lakas at PNP. Ang hindi niya ilininaw sa SONA ay na ang ibig niyang sabihin sa reporma sa sistema ng pensyon ay ang pagtataas ng edad ng optional retirement mula 56 tungong 57. Gayundin tataas ang kontribusyon ng unipormadong personel para sa kanilang pensyon. Bago pa ng SONA, nasa 2,000 uniformed personnel na ang nagretiro dahil sa naturang reporma.

**17.** Ang Matatag Agenda niya sa edukasyon ay walang iba kundi ang pagpapaloob sa historical revisionism sa loob ng kurikulum. Sa bisa nito, ipinagbawal na ang paggamit ng salitang Martial Law, batas militar at diktadura upang tukuyin ang panahon ng kanyang amang si FM Sr. Tinanggal na rin ang kasaysayan sa mga asignatura.

**18.** Isinasangkalan niya ang pandemya upang ipagtanggol ang pahirap na blended learning. Ang totoo, pinagtatakpan nito ang kakulangan sa mga klasrum at pasilidad. Gagamitin itong dahilan upang hindi na kailanganing magdagdag ng mga pasilidad dahil nasa bahay na lamang ang mga estudyante at naka-module.

Bagamat nabanggit niya na 'tinututukan', wala naman siyang binanggit na bilang ng mga ipinapatayo umanong klasrum hindi tulad ng pag-uulat niya tungkol sa mga kalsada. Gayundin ni-retrofit o inayos lang daw ang mga klasrum. Ibig sabihin, kulang ang bagong pinapatayo at nananatiling masikip ang mga paaralan.

**19.** Ang DepEd Partnership Assistance Portal at pagtulong ng pribadong sektor ay katumbas lamang ng ibayo pang pribatisasyon ng edukasyon. Ang binabanggit namang internasyunal na pamantayan ay katumbas ng pagsasabing nakatutok pa rin ang sistema ng edukasyon sa bansa sa pagluluwal ng mga OFW at murang lakas-paggawa para sa mga dayuhang kapitalista. (TVET, pagpapahusay ng maritime education atbp.)

**20.** 50% lamang ang achievement report ng gubyerno sa tertiary education samantala ang pangako ng Universal Access to Quality Tertiary Education Program ay 100% coverage ng libreng edukasyon para sa lahat ng estudyante sa kolehiyo.

**21.** Binanggit na mismo ni Marcos na ang tatlong satellite ng bansa ay ginagamit para sa seguridad at depensa at pagbabantay sa galaw ng populasyon. Bagamat nasa ilalim ito ng DICT, dahil sa WONA, hindi malayong magamit/ginagamit din ito para sa militaristang adyenda ng estado.

**22.** Ang solusyon ni Marcos Jr. sa kagutuman ay hindi food security at pagpapalakas ng kakayahan ng bansang magprodyus kundi food stamp.

**23.** Ang sinasabi ni Marcos Jr. na istruktural na pagbabago sa sektor ng kalusugan ay ibayo ring pribatisasyon sa naturang sektor. Ang Konsulta Package ng Philhealth na binabanggit ay pag-aari ng Ayala Corporation.

**24.** Nangangako na naman si Marcos Jr. na 'ipapamahagi na' (ngunit hindi pa rin nagagawa mula pa noong 2020) ang mga benepisyo ng health workers.

**25.** Hindi totoong 95.7% ang tunay na antas ng employment

sa bansa. Sa likod ng datos sa employment ang katotohanang 20% sa labor force ng bansa ang may trabaho sa ibang bansa at hindi sa loob ng Pilipinas. Idagdag pa ang mga kontraktwal, underemployed at ang mga nasa impormal na sektor at makikitang sa aktwal ay napakababa ng antas ng empleyo sa bansa.

Wala rin siyang binanggit tungkol sa pagpapataas ng sahod ng mga manggagawa at pag-aalis ng kontraktwalisasyon at iba pang mapagsamantalang patakaran sa paggawa.

**26.** Totoo ang sinasabi ni Marcos Jr. na agresibo ang kanyang rehimen sa pangangampanya sa mga negosyo at pagpapasok ng pamumuhunan. Sunud-sunod ang kanyang pagbyahe para ilako ang murang lakas-paggawa ng mga Pilipino. Ngunit kahit ang sinasabi niyang ganansya ay 'potensyal' pa lamang na ganansya at hindi pa nakikita sa aktwal.

Ngunit, habang ang pangakong trabaho ay hindi pa naaaktwalisa, tuluy-tuloy na ang madali at mabilis na pagpasok ng dayuhang pamumuhunan sa pamamagitan ng mga 'green lanes' ni Marcos.

**27.** Ang RCEP naman ay ibayo pang magbubukas sa ekonomya ng bansa sa dayuhang panghihimasok. Isa sa pinakanakakabahalang probisyon nito ang pagtatanggal sa taripa sa mga sensitibong produktong pang-agrikultura at mga produkto sa enerhiya. Itutulak nito ang lalo pang pagbaha ng mga imported na produktong agrikultural na ibayong lulumpo sa kabuhayan ng mga magsasakang Pilipino.

Hindi rin kakayanin ng gubyerno o kahit ng lokal na industriyang makipagsabayan sa larangan ng enerhiya dahil sa pagbaha ng dayuhang produkto at teknolohiya samantala nasa napakaatrasadong antas pa ng lokal na produksyon ng enerhiya sa bansa.

**28.** Hungkag ang mga pundasyon ng ekonomya ni Marcos Jr.: service sector, turismo at remitans ng mga OFW. Alinsunod daw dito ay dapat palakasin pa ang pag-eksport ng lakas-paggawa, pasiglahin ang turismo at humikayat pa ng dayuhang pamumuhunan o mga kasunduan sa paggawang nakapokus sa pagpapadala ng mga OFW. Sa maikling sabi, walang plano si Marcos Jr. para magkaroon ng isang tunay na malusog na pambansang ekonomyang may kasarinlan. Ipagpapatuloy lang niya ang neoliberal na disenyo ng liberalisasyon, pribatisasyon at deregulasyon.

**29.** Sa ngalan ng paghikayat sa dayuhang pamumuhunan, tinuturing na achievement ng kanyang rehimen ang pagpapadali sa pagnenegosyo, pagbibigay ng tax exemptions at ibayong pagluluwag sa mga dayuhang kapitalista. Ang mga ito ay labis na mapaminsala sa pambansang ekonomya sa pangmatagalan. Ipinagkakait nito ang rekurso ng bansa sa mamamayan at sa halip ay ibinubuyangyang para sa pagpapasasa ng iilan. Walang proteksyon ang lakas-paggawa sa bansa bagkus tinutulak pa ang mga Pilipinong mangibang-bayan at doon na lamang maghanap ng trabaho.

**30.** Digitalization, pagpapabilis ng internet, e-commerce: anumang pag-unlad dito ay hindi pakikinabangan ng mamamayan bilang serbisyo dahil nananatiling negosyo ng mga kapitalista. Hakbangin lamang ito upang makatipid ang gubyerno at ang mga negosyo sa mga transaksyon nito.

Hindi rin binanggit ni Marcos na monopolyado ng iilan ang industriya ng teknolohiya sa bansa at sa ilalim ng kanyang termino naging mas agresibo ang liberalisasyon sa telekomunikasyon. Sinunggaban ito ng mga dayuhang kumpanya sa pamamagitan ng kanilang mga subsidyaryo at katuwang na kumpanya sa Pilipinas at Southeast Asia. Kinopo nila ang mga cell tower sa bansa noong 2022. Binili ng mga ito ang mahigit kalahati (59%) sa kabuuang 22,405 cell tower na pinatatakbo ng tatlong kumpanya sa telekomunikasyon.

**31.** Idinadahilan ang mga bulnerabilidad ng digitalization upang bigyang-matwid ang mapanupil na Sim Card Registration Act. Sa katunayan, ang layunin ng batas ay ibayong pagmamanman at paninikil ng estado sa taumbayan.

**32.** Ang mga kasunduan sa paggawa sa pagitan ng bansa at dayuhang bayan ay pulos nakatuon sa pagpapadala ng mas marami pang mga OFW sa ibayong-dagat. Ang ibig nitong sabihin, sadyang walang trabaho sa Pilipinas. Ang pagpapahusay sa mga serbisyo ng Dept. of Migrant Workers ay katumbas ng pagpapasinsin ng sistematisasyon ng pag-eksport ng lakas-paggawa.

**33.** Ang sinasabing pabahay ng PAG-IBIG ay pulos naman pautang at para lamang sa may kakayahang magbayad. Wala pa ring katuparan sa pangako ng seguridad sa panirahan para sa kalakhan ng maralita.

**34.** Sinasabing mataas ang pagpapahalaga sa climate

change at disaster resilience ngunit hanggang pag-aayos at pagtatayo lamang ng evacuation centers ang plano. Tuluy-tuloy ang agresibong reklamasyon, pagtatayo ng mga dambuhalang dam, pagbubukas para sa malawakang pagmimina, pagtotroso, mga plantasyon, gusali, ekoturismo at iba pang negosyong mapanira sa kalikasan at nagpapabilis sa climate change.

**35.** Ipinagmamalaki rin ni Marcos ang pagpapatuloy sa WONA ni Duterte. Ginagamit niya ito upang bigyang-matwid ang pagpapalaki sa papel ng pribadong sektor sa pamamahala ng gubyerno. Ang PSAC ay kalipunan ng mga bilyunaryong kapitalistang nagpapasa ng mga rekomendasyon sang-ayon sa kanilang interes. Marami sa mga batas at repormang ipinasa ni Marcos ay nakabatay o kaya ay tuwirang rekomendasyon ng PSAC.

**36.** Limang taon na ang nakalipas pero 'nasa proseso' pa lamang din ang tulong pinansyal. Ibig sabihin, hindi pa rin nakararating sa mamamayan ng Marawi.

**37.** Hindi totoong maayos at istable ang kalagayan ng BARMM sa ngayon. Sa aktwal, patuloy pa rin ang ribalan ng pinakamakakapangyarihang angkan. Sa pagnanais na makapagtiyak ng kani-kanilang teritoryo, hinati na ang Maguindanao sa dalawa (Maguindanao del Sur at Maguindanao del Norte) sa bisa ng isang plebisito noong Setyembre 2022.

Nagkakaproblema rin sa proseso ng dekomisyon sa mga MILF combatants. Halimbawa na lamang nitong Abril 27, sa isang pagpupulong sa Camp Bilal, Munai, Lanao del Norte, nagpahayag ng pagkadismaya si Bangsamoro Transition Authority Parliament Member Abdullah Macapaar (dating Commander Bravo) dahil hindi ibinigay nang buo ang sinasabing P1,000,000 tulong kapalit ng armas na kanilang isusuko sang-ayon sa Comprehensive Agreement on the Bangsamoro (CAB). P100,000 lamang ang ibinigay sa kanila at mga birth certificate.

Ayon sa datos ng gubyerno, sa pagtatapos ng 2022 ay 24,844 kombatant o 62% ng buong pwersa ng MILF na raw ang kanilang nadekomisyon. Ngunit 4,625 armas lamang ang isinuko o 18% ng kabuuhang bilang ng mga kombatant.

**38.** Tulad ng dati, ang modernisasyon ng sandatahang lakas ay nakatutok sa kontramamamayang gera at hindi sa pagpigil sa dayuhang panghihimasok.

Binibigyang-diin niya ang kakayahan ng hudikatura upang madepensahan ang pasya ng rehimeng patuloy na magmatigas laban sa ICC investigations sa drug war.

Kaugnay din nito ang sinasabing 'bagong mukha' ng drug war. Sa aktwal, walang nagbago sa madugong gera kontra-droga. Hindi rin totoong pokus ang rehabilitasyon. Nananatiling kakaunti ang rehabilitation center kumpara sa bilang ng nakukulong at napapatay sa mga Siumultaneous Anti-Crime and Law Enforcement Operations (SACLEO) ng PNP.

**39.** Sa pakikitungo sa CPP-NPA-NDF, binibigyang-diin ni Marcos ang hungkag na kampanyang pagpapasuko at pagsasalong ng armas sa halip na usapang pangkapayapaan. Sa aktwal, tuluy-tuloy ang mga paglabag sa karapatang tao, pang-aatake sa sibilyang populasyon at paghahari ng terorismo ng estado sa kanayunan at kalunsuran.

**40.** Sa pagharap sa usapin ng West Philippine Sea, walang kongkretong hakbang na binanggit kung paano lalabanan ang presensya ng Tsina sa teritoryo ng bansa. Wala ring pagkundena sa panghihimasok ng mga dayuhang pwersa (kapwa US at Tsina) sa soberanya ng bansa. Hindi niya binanggit ang balak na magdagdag ng baseng militar ng US sa bansa at na bukas siyang makipagtulungan sa Tsina para sa gas explorations sa mga teritoryo ng Pilipinas.

**41.** Ang mga binanggit na prayoridad na batas na ipinatutulak niya sa Kongreso ay pawang sang-ayon sa pagpapalaki ng papel ng pribado at dayuhang kapangyarihan sa pambansang ekonomya. Wala pa ring plano para sa pambansang industriyalisasyon at tunay na reporma sa lupa.

**Sa huli, ang tunay na state of the nation ay nananatiling bansot, atrado at kontramamamayan.**

**Hindi pa dumarating ang Bagong Pilipinas. Ang tunay na pagbabago ay iluluwal ng pagbabago sa bulok na sistema. Kinakailangang mawasak at mapalitan ng panibago ang malakolonyal at malapyudal na sistemang panlipunan ng bansa.**